

Ang Pagtanim Yugto 1

“17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; 18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang; 19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi. 23 Kaya pinalayas siya ng Panginoon Dios sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya.” (Genesis 3:17-19, 23 KJV)

Matapos magkasala ng tao, binigyan siya ng Panginoon ng pananim na makakain, ***“kakain ka ng pananim sa parang”***, at ipinagkatiwala sa kanya ang gawaing mangbungkal ng lupa at mula sa pagtatrabaho niya sa lupa na paramihin ang pananim. Ang pagtanim ay hindi madaling trabaho; kailangan nito ng maraming oras at pagsisikap. Ngunit kailangan ng lalaki na magtrabaho at itanim ang kanyang mga halamang gamot upang siya'y makakain at hindi mamatay sa gutom. Ang mga halamang gamot ay madaling maparami sapagkat tumatagal lamang ito ng ilang linggo hanggang ilang buwan upang lumago at maging handa. Ngunit mahirap ang prutas dahil kailangan nila ng mas mahabang panahon, malamang ilang taon.

Nang inilagay ng Dios ang tao sa Halamanan sa dakong silangan ng Eden, ito ay itanim ng Panginoon at lahat ng bagay ay inihanda para sa tao upang mamuhay doon at kumain ng mga bunga nito, ***“8 At naglagay ang Panginoon Dios ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silanganan: at inilagay niya roon ang taong kaniyang nilalang. 9 At pinatubo ng Panginoon Dios sa lupa ang lahat na punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kanin; gayon din ang punong kahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. 10 At may isang ilog na lumabas sa Eden na dumilig sa halamanan; at mula roo'y nabahagi at nagapat na sanga. 15 At kinuha ng Panginoon Dios ang lalake at inilagay sa halamanan ng Eden, upang kaniyang alagaan at ingatan.” (Genesis 2:8-10, 15 KJV)*** Itinatag ng Panginoon ang lahat ng bagay sa halamanang iyon at inilaan Niya ang mga ilog upang diligin ang mga puno ng halaman. Ang tanging kailangan ni Adan ay linisin ang mga puno. Ngunit nang pinalayas siya ng Dios palabas nang halamanang iyon, kinailangan niyang gawin ang lahat ng bagay ng kanyang mga kamay mula sa simula. Kailangan niyang bungkalin at ihanda ang lupa, itanim ang mga binhi, diligan ang mga halaman at maghintay nang matiyaga hanggang makakuha siya ng halaman na kakainin. **Kaya naman ngayon ang pagtanim at pagtatrabaho bilang magsasaka ay halos walang pinipiling tao.** Ngunit ilagay natin sa ating isipan na ang pagsasaka ay isang uri ng disiplina para sa tao pagkatapos niyang magkasala sa Dios. Nakakahiya sa tao ang maghukay, hukayin ang lupain at basagin ang mga bugal. Kailangan niyang iyuko ang likod para gawin iyon. Ngunit nang siya ay nasa Halamanan ng Eden, kailangan lang niyang itaas ang kanyang kamay upang kunin ang bunga mula sa puno at ubusin ito anumang oras na nais niya.

Patuloy na lumago at umunlad ang pagsasaka. Nagpatuloy ang mga lalaki sa pagtanim upang matiyak ang mapagkukunan ng mabuting pagkain. Bago ang baha, ang pagkain ng halaman ay ang tanging pagkain na magagamit ng tao at hayop. Naging magbubukid si Cain. ***“3 At nangyari nang lumalakad ang panahon ay nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa Panginoon.” (Genesis 4:3 KJV)***

Si Noe rin ay nagtanim pagkatapos ng baha, ***“20 At nagpasimula si Noe na maging mangbubukid, at naglagay ng isang ubasan.” (Genesis 9:20 KJV)***

Si Isaac ay isang magbubukid ***“12 At si Isaac ay naghasik sa lupaing yaon, at umani siya ng taong yaon, ng tigisang daan at pinagpala siya ng Panginoon.” (Genesis 26:12 KJV)*** Naghukay si Isaac ng balon upang makakita ng tubig, ***“18 At muling hinukay ni Isaac ang mga balon ng tubig na kanilang hinukay nang mga kaarawan ni Abraham na kaniyang ama; sapagka't pinagtabunan ng mga Filisteo, pagkamatay ni Abraham: at kaniyang mga pinanganlan ng ayon sa mga pangalang inilagay ng kaniyang ama. 19 At humukay sa libis ang mga bataan ni Isaac, at nangakasumpung doon ng isang balon ng tubig na bumubukal. 20 At nakipagtalo ang mga pastor ni Gerar sa mga pastor ni Isaac, na sinasabi, Amin ang tubig; at kaniyang tinawag ang pangalan ng balon, na Esec; sapagka't ipinakipagkaalit sa kaniya. 21 At sila'y humukay ng ibang balon; at kanilang pinagtalunan din: at kaniyang tinawag ang pangalan na Sitnah. 22 At bumunot siya roon, at humukay ng ibang balon; at hindi nila pinaqtalunan: at kaniyang tinawag ang pangalan na Rehoboth; at kaniyang sinabi, Sapagka't ngayo'y binigyan tayo ng Panginoon ng kaluwagan, at lalago tayo sa lupain.” (Genesis 26:18-22 KJV)*** Si Isaac at ang kanyang mga tauhan ay naghukay ng mga balon dahil kinakailangan ang tubig upang panatilihin ang mga tanom upang mamunga. Hinarap niya ang paulit-ulit na mga kaguluhan dahil sa mga balon na kaniyang hinukay, ngunit nagtiyaga siya hanggang sa manirahan siya sa isang matatag na mapagkukunan ng tubig upang maitaguyod ang kanyang taniman. **Kailangan nating magtiyaga upang mapanatili ang tubig para sa ating mga pananim.**

Ang lupa ay kailangang madiligan sa gayo'y lumago ang mga halaman at mamunga. Ipinapakita sa atin ng Salita ng Dios kung paano iyon. ***“10 Sapagka't ang lupain na iyong pinaroroonan upang ariin, ay hindi gaya ng lupain ng Egipto, na inyong pinanggalingan, na doo'y nagtatanim ka ng iyong binhi, at iyong dinidilig ng iyong paa, na parang taniman ng mga gulay; 11 Kundi ang lupain, na inyong tatawirin upang ariin, ay lupaing maburul at malibis, at dinidilig ng tubig ng ulan sa langit: 12 Lupaing inaalagaan ng PANGINOON mong Dios, at ang mga mata ng PANGINOON mong Dios ay nandoong lagi, mula sa pasimula ng taon hanggang sa katapusan ng taon.”*** (Deuteronio 11:10-12 KJV) Ang lupa ay maaaring diligin alinman ng tao na gumagawa ng mga daluyan upang dalhin ang tubig mula sa pinagmulan nito patungo sa kinaroroonan ng mga halaman, o maaari itong direktang didiligin ng Dios sa pamamagitan ng ulan na Kanyang ipinapadala sa lupain sa tamang panahon. ***“4 Ay maglalagpak nga ako ng ulan sa kapanahunan, at ang lupain ay pakikinabangan, at ang mga kahoy sa parang ay magbubunga.”*** (Leviticus 26:4 KJV) ***“Bubuksan ng Panginoon sa iyo ang kaniyang mabuting kayamanan, ang langit, upang ibigay ang ulan sa iyong lupain sa kapanahunan, at upang pagpalain ang buong gawa ng iyong kamay; at ikaw ay magpapahiram sa maraming bansa, at ikaw ay hindi hihiram.”*** (Deuteronio 28:12 KJV)

* Ang lupa ay mapagkukunan ng pagkain para sa tao at para sa mga hayop, ***“Sapagka't tao ba ang kahoy sa parang na kukubkubin mo?”*** (Deuteronio 20:19 KJV) Kaya, kailangan nating magtiyaga sa pagsasaka at pagtatanim ng mga puno upang ilaan ang kinakailangang pagkain. * Ang pagtatanim ay poprotekta sa bansa mula sa pagkawasak. Ang Egipto at ang mga nakapaligid na bansa ay naprotektahan mula sa taggutom sa pamamagitan ng palay na iniimbak sa loob ng pitong taong kasaganaan. ***“34 Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan. 35 At kanilang tipunin ang lahat ng pagkain nitong mabubuting taon na dumarating, at magkamalig ng trigo sa kapangyarihan ng kamay ni Faraon, na pinakapagkain sa mga bayan at ingatan. 36 At ang pagkain ay kamaliqin na itaan sa lupain sa pitong taong kaqutom na mangyayari sa lupain ng Egipto; upang huwag mapuksa ang lupain sa kagutom.”*** (Genesis 41:34-36 KJV)

* Ang pagtatanim ay kinakailangan ng oras, pagsusumikap, isang pag uugali ng pagsunod, at pagtitiyaga, at pagtitiis, isang kapisang lupa at tubig na mapagkukunan. Ito ay gagantimpalaan ng ani na nakuha nang malaya. Ang pagpapalang pagsasaka ay matatamasa sa pamamagitan ng pagiging handang sumunod sa disiplina ng Dios, pagtanggap ng pagsusumikap at mahirap na buhay. * Ang pagtatanim ay mula sa pananaw ng Bibliya ay hindi isang propesyo kundi isang paraan ng buhay at kinakailangan. Ang bawat tao ay kailangang magtanim at mag ani ng mga halamang gamot, gulay, at prutas.

* Maraming mga tao ang mayroong mga hardin puno ng mga magagandang bulaklak ng iba't ibang bango at kulay. Ngunit sa totoo lang, gusto ng Dios na magtanim tayo ng mga halaman para makain natin ang kanilang mga bunga, dahon, bulaklak, at buto. * Ito ay isang pinagkukunan ng pamumuhay, isang paraan upang maebersisyo ang ating katawan, mamuhay nang malusog at sa parehong oras ay masdan ang kanilang kagandahan. Ito ay isang paraan upang makatipid ng pera, para masiyahan sa sariwang pagkain, para magtrabaho bilang isang koponan sa ating mga kasapi ng pamilya, at tamasahin ang mga himala ng Dios. Mamangha lamang tayo sa kanilang paglaki mula sa isang binhi lamang hanggang sa isang napakalaking punong namumunga.

Ito ay isang paraan ng pagtitipid sa ating pananalapi. Sa maraming bahagi sa sanglibutan, ang mga tao ay naninirahan sa mga bahay na napapaligiran ng mga lupa at sila'y may mapagkukunan ng tubig gaya ng ulan upang diligan ang mga halaman. Ang kalalakihan, kababaihan, mga bata sa kanilang malayang oras ay maaring masangkot sa pagtatanim at tiyak aanihin nila ng kanilang itinanim.

Ilang beses akong nanaginip na naulit. Sa panaginip, nangongolekta ako ng mga baryang kabilang sa aking bayan mula sa tuyong lupa. Sa panaginip ay patuloy ang pagkuha ng barya at ang aking dalawang kamay ay puno at mayroon pa rin, sa lahat ng dako ay natagpuan ko ang mga barya na kailangan kong kolektahin. Sa paligid ko, may mga taong naglalakad pero wala ni isa sa kanila ang naisipang yumuko at mangolekta ng mga barya na nakikita ko. Nagtataka ako sa panaginip kung bakit hindi pumupunta at nangongolekta ang mga tao dahil ang kinokolekta ko ay katumbas ng isang araw na sahod.

Sa paligid ng gusaling aking tinitirhan at kung saan matatagpuan ang sentro ng pagsamba ng aming simbahan, may isang piraso ng lupa sa tabi at likod nito na puno ng buhangin. Sa lupaing iyon, isang araw ay nakita namin ang isang malaking sako ng barya na pag aari ng iba't ibang bansa. Ang ilan sa mga baryang ito ay may mataas na halaga at idinagdag namin ito sa aming kaban ng simbahan. Sa kapisang lupaing iyon, inutusan ng Panginoon ang aking asawa na magtanim ng iba't ibang uri ng gulay. Hinukay at inihanda niya ang lupang pagtatanim. Ginamit namin ang tubig na nakolekta namin pagkatapos maghugas ng pinggan at damit, dala dala ito sa mga balde upang diligin ang mga halaman na ito. Maya maya pa, naghukay kami ng maliliit na daluyan ng lupa at itinuwid ang tubig mula sa aming kusina sa mga daluyan na ito upang diligin ang aming mga halaman. Sa nakalipas na ilang taon, ginagamit namin ang mga produkto ng aming sariling hardin. Tumigil na

ako sa pagpunta sa palengke para bumili ng gulay. Ang buong pamilya ay kasangkot sa hardin; ang isa ay nagtatanim at ang isa naman ay sa tubig. **“6 Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig; nguni't ang Dios ang siyang nagpalago.” (1 Corinto 3:6 KJV)** Hindi natin kailangang bumili ng pangpataba. Ginagamit natin bilang pataba ang mga nahulog na dahon ng mga puno, ang mga balat ng gulay at prutas, at ang mga itlog pagkatapos nating pulbos ito. Kinokolekta namin ang mga materyales na ito at inilalagay ito sa mga selyadong lalagyan na patong patong sa anumang uri ng lupa at pagkatapos ay sakop ng tubig upang mabulok sa pamamagitan mismo nito, at sa ilang buwan na panahon, nagsisilbi ang mga itong pataba.

Kinokolekta namin ang mga lalagyan ng iba't ibang laki upang magpalaki ng mga halaman. Iniimbak namin sa mas mababang bahagi ng mga lalagyan ang mga patay na dahon at ang mga balat ng gulay at nagdaragdag ng tubig dito, pagkatapos ay sa itaas ng patong patong na ito ay inilalagay namin ang lupa at inihatik ng aming mga binhi. Sa loob ng ilang buwan nang ang mga halaman ay nagsisimulang lumaki, mayroong natural na pataba upang suportahan ang mga halaman at gawing ang ito na magbunga ng mabuti.

Nakakuha kami ng malaking dami ng gulay at kung minsan ay may labis na kung saan iniimbak namin. Sa panahon ng anihan, napakasaya naming mag ani ng napakalaking kalabasa, lettuce, kamatis, gourds, gulay, beans, at talong. Iniimbak namin sa freezer ang isang bahagi ng mga gulay upang mapanatiling nakalaan para sa mainit na buwan ng tag init dahil ang lugar na aming tinitirhan ay napakainit at karamihan sa mga halaman ay hindi maaaring mabuhay sa init. Bukod dito, sa tag init ang presyo ng gulay tumataas. Kaya naman tinipon natin ang ating mga gulay sa taglagas, taglamig, at tagsibol at ilagay sa freezer ang mga ito upang ubusin sa tag init.

Sa tagsibol, kapag ang aming halamanan ng gulay ay berde at mahusay na nadidiligan at makulay, ito ay binisita ng mga kuyon ng mga bubuyog. Ang mga halaman ay lumikha ng mga bulaklak na umaakit sa mga bubuyog upang pakainin ang pollen. Ang mga bubuyog ay tumutulong sa mga halaman sa pagpapabunga at sa gayon ay dagdagan ang kanilang ani.

Buwan buwan ay nakakaipon ako dahil hindi ko na kailangan pang pumunta sa palengke para bumili ng gulay. Ang dagdag na perang kinokolekta ko sa loob ng ilang buwan ay ibinibigay ko bilang handog na susunugin sa Panginoon.

Dinadagdagan ng Panginoon ang ating pananampalataya at pagtitiwala sa Kanya tulad ng ipinakita Niya sa atin sa ilang pagkakataon na kapag sumunod tayo sa Kanya, Siya ang magdaragdag ng mga pagpapala sa ating buhay at magbibigay sa atin ng ani upang makain natin ang bunga ng ating lupain. **“12 Oo, ibibigay ng Panginoon ang mabuti; at ang ating lupain ay maguunlad ng kaniyang bunga.” (Awit 85:12 KJV)** Ibinibigay namin sa ating mga kasapi ng simbahan ang pinagpala sa amin ng Dios, at itinuro namin sa ating mga miyembro at ka-manggagawa sa iba't ibang kapisanan sa pamamagitan ng pagbabahagi sa kanila ng aming karanasan sa pagsasaka at pag iimbak ng pagkain. Nakakuha kami ng isang mahusay na bilang ng mga ito upang makapagsimula sa kanilang sariling mga hardin at ang kanilang karanasan ay pareho. At sa tuwing aanihin nila, dinadala nila sa Panginoon ang kanilang mga unang bunga. Ipinaaalala iyan sa akin ang nangyari noong panahon ni Solomon. **“25 At ang Juda at ang Israel ay nagsitahang tiwasay, na bawa't tao'y sa ilalim ng kaniyang puno ng ubas at sa ilalim ng kaniyang puno ng igos, mula sa Dan hanggang sa Beer-seba, sa lahat ng kaarawan ni Salomon.” (1 Hari 4:25 KJV)**

Sa aking Mahal at Minamahal: Tayo'y maglingkod sa layunin ng Dios at ipangako ang ating sarili na ipamahay ang istilo ng pamumuhay na itinuturo sa atin ng Kasulatan ng mensaheng ito tungkol sa pagsasaka.

- Maging handa tayong makipagtulungan sa ating mga kapamilya upang simulan ang paggamit ng mga mapagkukunan na magagamit natin sa pagsasaka at pagtatanim ng iba't ibang halaman, gulay at puno ng mga prutas.
- Gamitin natin ang anumang lupaing magagamit para sa mga pagtatanim, o kahit lata at iba't ibang lalagyan na maaari nating ilagay ang lupa dito
- Maglaan tayo ng oras at pagsisikap para matupad ang gawain ng pagsasaka.
- Magpakumbaba tayo sa harap ng Dios at kusang-loob na tanggapin ang disiplina ng pagsasaka tulad ng pagtalaga ng Dios na pagdaanan natin.
- Maging masipag tayo sa pagbubungkal ng lupa, pagbasag ng mga bugal upang ihanda ang lupain na magpapatubo ng binhi.
- Maging masigasig tayong magdala ng mapagkukunang tubig para diligin ang mga halaman at sa tamang oras para lumaki ang mga ito at mag-aani tayo.
- Maging handang matuto tayo at hayaang turuan tayo ng Dios at gabayan tayo kung paano magtanim.
- Maging handa tayong baguhin ang ating mga saloobin, magkaroon ng higit na pananampalataya at maging mas matiyaga, masipag at matiyaga upang magkaroon tayo ng malaking ani ng masustansyang pagkain

- Ipangako natin sa ating sarili na magkaroon ng mabuting pangangasiwa sa lahat ng natanggap natin mula sa Dios.
- Tangkilikin natin ang iba pang mga benepisyo ng pagsasaka na pinagkukunan ng kabuhatan, isang paraan upang maehersisyo ang ating katawan, malusog na buhay at sa parehong oras ay masdan ang kagandahan ng mga halaman. Ito ay isang paraan upang makatipid ng pera, upang tamsahin ang mga sariwang pagkain, upang magtrabaho bilang isang koponan sa aming mga miyembro ng pamilya, at upang masiyahan na makita ang mga kababalaghan ng Dios.

Ang aking Panalangin: Amang Dios sa Langit, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa iyong Salita sa akin sa mensaheng ito na nagpakita sa akin ng kahalagahan ng mabuting pag-sasanay at estilo ng pagsasaka. Panginoon salamat sa lahat ng mapagkukunan na inilagay mo sa kamay ko mula sa lupa, tubig, binhi, pataba, at sa pangkat na kasama ko mula sa mga kapamilya ko na masimulan namin ang iyong magandang gawaing ito.

Ipagtapat at talikdan ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikdan ang iyong katamaran; pagtakas sa paggawa ng sipag at pagdurusa para kay Cristo. Ipagtapat ang iyong kawalan ng pasensya at pagtitiyaga. Ipagtapat at talikuran ang paggawa ng iyong sariling kalooban at plano at hindi ang kalooban at plano ng Dios. Ipagtapat ang iyong masamang katiwala at ang iyong masamang halimbawa sa iba sa paggamit ng mga pinagkukunan. Ipagtapat at talikuran ang pagsasayang ng iyong oras sa pakikisama sa mga hindi mananampalataya at sa Media, TV, laro at balita. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong kakulangan sa panalangin. Ipagtapat ang iyong kawalang kahandaang na maglingkod sa Dios tulad ng itinuturo sa atin ng Kanyang Salita at ang iyong kawalang kahandaang magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan _____

Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili sa aral at sa mga alinluntunin na Aking tinanggag sa mensaheng ito. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na simulang magtanim ayon sa kung anong mayroong mapagkukunan ko. Panginoon turuan mo ako kung paano gawin iyon at pagpalain ang mga gawa ng aking mga kamay at hayaang maging mabunga ang lahat ng gawaing ito. Panginoon ipinangako ko rin sa aking sarili na gamitin ang aking oras upang maglingkod sa iyo at upang maabot ang mga bagong tao upang ipangaral sa kanila ang ebanghelyo at ibigay sa kanila ang iyong Salita.

Panginoon salamat para sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at bumalik sa iyo, handang gawin ang iyong kalooban at ang mabuting plano na mayroon ka para sa kanila sa kanilang buhay at masangkot sa pagtanim at sa paglilingkod sa iyo. Panginoon gamitin mo sila na maging mabuting halimbawa sa kanilang tinitirahan at pagpalain ang lahat ng mga gawa ng kanilang mga kamay. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang kailangan at alalayan ang kanilang pinagkukunan sa gayo'y makapagpatuloy silang maglingkod sa iyo.

Panginoon, pagpalain kami bilang iyong simbahan habang patuloy naming itinuturo ang iyong Salita at ipatupad ang iyong mga utos sa iyong bayan. Panginoon ipinangako namin aming sarili na patuloy na ituro ang tungkol sa kahalagahan ng pagtanim at itaguyod ang iba na simulang magtanim sa paligid ng kanilang mga tirahan. Panginoon ipinangako naming ang aming sarili na isusulong ang pag-abot sa mga bagong tao at lugar sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan natin upang yumaon at mag ebanghelyo, at gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa na yumaon at magtanim ng higit pang mga pag-aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pangitain ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Pagtanim Yugto 1. Genesis 3:17-19, 23. Genesis 2:8-10, 15. Genesis 4:3. Genesis 9:20. Genesis 26:12, 18-22. Deuteronomio 11:10-12. Levitico 26:4. Deuteronomio 28:12. Deuteronomio 20:19. Genesis 41:34-36. 1 Corinto 3:6. Mga Awit 85:12. 1 Hari 4:25.

Dr. Ramiz Khalaf
 Ang Tagapamahala ng Simbahan
 Simbahan ng Diyos
 United Arab Emirates
 Email: thebread1@gmail.com
 Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com